Ang mga kaugnay na impormasyon sa iba't ibang salita ay makukuha sa:

Manitoba Cervical
Cancer Screening Program
5 –25 Sherbrook St
Winnipeg, MB
R3C 2B1
1-866-616-8805
204-788-8626
www.cancercare.mb.ca/MCCSP/

•

Bookmark
Ang lahat ng babae ay dapat may kaalaman tungkol sa Pap tests

•

Brochures
Pap tests – *Pag-unawa sa iyong resulta*

Talaan – *Mga katotohanan at kaalaman*
(Registry – Facts and Information)

•

Video
Pap tests - *What every woman needs to know*
Colposcopy - *What every woman needs to know*

Paunawa: Ang mga video ay makukuha sa mga public libraries sa Manitoba

Tagalog *08/07*

¿Para kanino ang bakunang ito?
Ito ay para sa mga babaeng hindi pa nagkakaroon ng HPV virus.

Bagamat ang mga lalaki ay nagkakaroon din ng HPV sa ari, hindi pa alam kung mabisa ang bakuna sa lalaki. Ang bakuna ay para maiwasan ang cervical cancer.

Maililigtas ba ako ng bakuna sa lahat ng uri ng HPV?
Hindi. Ilang uri lamang ng HPV ang kayang labanan ng bakuna.

Paano kung may HPV na ako kapag ako ay nagpabakuna?
Hindi na kayang lunasan ng bakuna ang nasa iyo nang HPV. Pero kung ang mga uri ng HPV na nasa bakuna ay wala pa sa iyong katawan, ang pagpapabakuna ay makapagliligtas sa iyo laban sa gayong uri ng HPV.

Saan ako makakakuha ng bakuna?
Tanungin ang iyong manggagamot.

Kung may bakuna na ako, kailangan ko pa bang magpa-Pap test?
Oo, kakailanganin mo pa ang regular na pagpapa-Pap test dahil:

- Ang bakuna ay hindi magliligtas sa iyo sa lahat ng uri ng HPV
- Maaaring nahawahan ka na o mayroon ka nang HPV infection bago ka pa man nagpabakuna
- Maaaring hindi kumpleto ang proteksyon na maibibigay sa iyo ng bakuna

Kapag ang babae ay nakipagtalik o nakipag-sex na, kailangang regular na ang kaniyang pagpapa-Pap test.

Karamihan sa mga babae ay dapat magpa-Pap test nang taunan sa loob ng tatlong taon. Kung normal ang resulta, ang Pap test ay gawing tuwing ikalawang taon na lamang.

Tanungin mo ang iyong manggagamot kung kailan ang iyong kasunod na Pap test.

Magkakaroon ba ako ng cancer kung ako ay may HPV?
Hindi. Kadalasan ay hindi nagiging sanhi ng cancer ang HPV. May mga uri ng HPV na maaaring maging sanhi ng pagbabago sa cervix na maaaring mauwi sa cervical cancer.

Kailangan mo ang regular na Pap test upang malaman kung may mga pagbabago sa iyong cervix dahil sa HPV.

Ang HPV ay sanhi rin ng mga pagbabago sa ibang parte ng katawan, halimbawa, sa puwit (anus), titi (penis), puwerto (vulva) at bibig. Tulad sa cervix, ang mga pagbabago ay maaaring mauwi sa cancer.

Ano ang mangyayari kung abnormal ang aking Pap test at may nakitang pagbabago sa selula ng cervix?
Maaaring ulitin ang Pap test o papuntahin ka sa espesyalista. Ang espesyalista ang magsasabi kung ano ang gagawin. Ang maagap na paggagamot sa pagbabago ng cervix ay makakatulong upang maiwasan ang cancer sa cervix. Kailangang puntahan mo ang lahat ng appointment kaugnay ng abnormal na resulta ng iyong Pap test.

HPV
Human Papilloma Virus

Ang kailangang malaman ng lahat tungkol sa HPV sa ari (genital HPV)

Manitoba Cervical Cancer Screening Program

CancerCare Manitoba
Action Cancer Manitoba

Manitoba

The Manitoba Cervical Cancer Screening Program is a program of Manitoba Health, managed by CancerCare Manitoba

All translated materials completed in partnership with Sexuality Education Resource Centre



Ano ang HPV?
Ang HPV ay Human Papilloma Virus. Mahigit sa 100 na uri ng ganitong virus ang makakahawa sa tao.

Ano ang ginagawa nito?
Ang ilang uri ng HPV ang sanhi ng mga kulugong tumutubo sa kamay at paa.

May mga uri ng HPV (genital HPVs) na nagiging sanhi ng kulugo sa ari ng babae o lalaki, o sa cervix (bungad ng matris).

Ang ilang uri (genital HPVs) ay siyang sanhi ng pag-iiba ng cervix na maaaring maging cervical cancer.

Ang ilang uri ng HPV na sanhi ng kulugo sa kamay at paa ay hindi makakahawa sa ari (genitals) ng tao.

Ang mga uri ng HPV na nakikita sa ari (genitals) ay hindi makakahawa sa iyong mga paa o kamay.

Gaano kalaganap ang HPV?
Ang HPV ay laganap. 3 sa 4 na tao ang magkakaroon ng genital HPV sa kanilang buhay. Hindi naman lahat ay magkakaroon ng kulugo sa ari o ng pagbabago sa cervix.

Paano ako magkakaroon ng HPV?
Madaling magkaroon ng HPV sa pakikipag-sex gamit ang bibig, ari, tumbong (rectal sex) o paghipong seksuwal. Maaari kang manghawa ng HPV kahit wala kang nararamdamang sintomas (kulugo, bukol o pagbabago sa cervix).

Kung makikipag-sex ako sa kapareho ng aking kasarian (same sex), dapat ba akong mabahala sa HPV?
Oo, maaaring magkahawahan o magpasahan ng HPV ang sinumang magkatalik.

Kapag mayroon akong kulugo sa ari o may nagbago sa aking cervix, ito ba'y dahil may HPV ang huli kong ka-sex?
Hindi naman palaging gayon. Maaaring sa iyong nakaraan, nagkaroon ka ng kontak sa isang may HPV at nahawahan ka ng virus.

Malalaman ko ba kung kanino ako nahawa ng HPV?
Halos imposibleng malaman kung kailan at kung kanino mo nakuha ang impeksyon.

Maaari ba akong magkaroon ng HPV nang hindi ko alam?
Oo. Posibleng ilang taon ka nang may HPV pero hindi mo alam. Maaaring dumaan pa ang mga taon bago tumubo ang kulugo o magkaroon ng pagbabago sa iyong cevix.

Hindi natin alam kung bakit ang ibang tao ay magkakakulugo o mag-iiba ang cervix samantalang ang iba naman ay hindi.

Paano malalaman kung may HPV ako?
Hindi kalakaran ang HPV testing sa Manitoba. Malalaman kung may HPV ka sa oras mismo ng iyong HPV test. Hindi nito masasabi kung kailan ka pa nagkaroon ng impeksyon.

Sa Pap test malalaman ng babae kung ang pagbabago sa cervix niya ay dahil sa HPV.

Ikaw o ang iyong manggagamot ang makakapansin ng kulugo sa iyong ari. Ito ay parang maliit na buko ng cauliflower o kaya'y maliit na bukol.

Dapat kausapin ng **babae** ang kaniyang manggagamot kung may bukol o kakaibang pamumuo ng laman sa labas o loob ng ari (vagina) o tumbong.

Dapat kausapin ng **lalaki** ang manggagamot kung may bukol o kakaibang pamumuo ng laman sa ari (penis), bayag, o tumbong.

Maililigtas ba ako ng condom sa HPV?
Ang condom ay puwedeng pananggalang sa mga impeksyong seksuwal (STIs) pero hindi palaging makapagliligtas sa iyo mula sa HPV.

Paano ako makaliligtas sa panganib?
Ang pag-iwas sa pakikipagtalik ang pinakamabisang paraan upang makaiwas sa HPV. Tanungin ang manggagamot kung kailangan mong magpabakuna ng HPV vaccine.

Ipagpaliban mo ang pakikipag-sex hanggang ikaw ay nasa hustong gulang na.

Mas malamang na magkaroon ng cancer sa cervix ang isang babaeng nagkaroon ng HPV noong siya ay bata pa.

Kung ikaw ay makikipag-sex:
- Palaging gumamit ng condom.
- Limitahan ang bilang ng iyong katalik.
- Panatilihing malusog ang iyong katawan upang hindi ka madaling mahawa – tamang pagkain, exercise at sapat na pahinga
- Iwasan ang usok ng sigarilyo dahil may epekto iyon sa mga selula ng cervix.

Ano ang lunas sa mga kulugo sa ari?
May lunas para sa mga nakalantad na kulugo. Gagamutin iyan ng iyong manggagamot sa kaniyang opisina, o bibigyan ka ng reseta (gamot) at ikaw na ang maglalagay sa iyong sarili.

Huwag gagamit ng gamot sa kulugo mula sa botika dahil iyon ay para sa kulugo sa kamay at paa. Makakasama iyon kung gagamitin sa iyong ari.

Kung may kulugo ako sa ari, mas malamang bang magkaroon ako ng cervical cancer?
Oo at hindi. Kung may kulugo sa ari, siguradong mayroon kang kahit isang uri lang ng HPV, subalit ito'y mababa ang panganib na maging dahilan ng cancer. Subalit, puwede ring mayroon kang ibang uri ng HPV na magiging sanhi ng cancer.

Ang regular na Pap test ang pinakamainam na paraan upang mabawasan ang panganib na magkaroon ka ng cervical cancer.

May gamot ba laban sa HPV?
Wala. Walang gamot laban sa virus. Ang mga kulugo o pagbabago sa cervix dahil sa virus ay maaaring kusang mawala. Ang kulugo ay maaaring mabigyan ng lunas.

May bakuna ba para sa HPV?
Oo, may makukuhang bakuna rito sa Canada laban sa ilang uri ng HPV.